# THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 37 | ISSN No. 2984-7249 | Jul. 22, 2024 - Jul. 28, 2024



WHAT'S INSIDE?

3 ADS: LEGAL NOTICE


# CALAPAN CITY MAYOR ATTENDS INAUGURATION AND GROUND-BREAKING IN BONGABONG



CITY Mayor Malou Flores-Morillo recently attended the Inauguration and Groundbreaking of Government Centers held in the Municipality of Bongabong on July 8, 2024. The event was graced by DILG Secretary, Benjamin *"Benhur"* Abalos Jr., who played a significant role in the proceedings.

One of the highlights of the event was the awarding of certificates to the recipients of the 2023–2024 Local Government Support Fund (LGSF). The City Government of Calapan was a notable beneficiary, receiving a total of P33,650,000 through the LGSF-Financial Assistance to Government Units (FALGU) for FY 2023. Mayor Morillo expressed her gratitude for the substantial support, emphasizing its importance in advancing the city's development projects.

Additionally, the event featured the soft opening of the dialysis center at RUR Hospital in Bongabong. This new facility aims to provide essential medical services to the community, further highlighting the event's focus on improving local healthcare infrastructure. The occasion underscored the collaborative efforts of various government entities to enhance public services and infrastructure for the benefit of the local populace (Jermae D. Tuyor/ CIO).



## POPCEN-CBMS TRAINING

CALAPAN City College recently hosted the POPCEN-CBMS training, a comprehensive six-day event that commenced on July 8, 2024, and will end on July 13, 2024. The training aimed to equip participants with essential skills and knowledge for conducting the Philippine Population Census (POPCEN) and the Community-Based Monitoring System (CBMS). Attendees, consisting of local government personnel and community leaders, engaged in various workshops and lectures designed to enhance data collection and analysis capabilities. The event underscored the importance of accurate demographic data in formulating effective local policies and programs. (CIO Calapan)



THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE

PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM ISSN No. 2984-7249

TINGNAN: Huwag ipagwalang bahala ang dumadaming kaso ng Dengue.
Ito ang naging mensahe ni Provincial Administrator Hubbert Christopher A. Dolor matapos pangunahan ng Provincial Administrator's Office ang Flag Ceremony noong Hulyo 15, bilang host.

Nanawagan din si Provincial Health Officer Dr. Cielo Angela Ante sa mga kawani ng Kapitolyo na manguna hindi lamang sa workplace kundi pati na rin sa kanilang mga tahanan, sa 0agsasakatuparan ng 4S campaign (Search and destroy, Secure self protection, Seek Early Consultation and Say yes to fogging) upang maiwasan ang pagtaas pa ng kaso ng dengue sa lalawigan.

Simula Enero hanggang Hulyo, 2024, umabot na sa 1,855 kabuuang kaso ng dengue sa lalawigan na mas mataas pa sa naitalang kaso ng dengue ng nakaraang taon, Enero hanggang Disyembre, 2023 na may kabuuang 1,427 lamang. Sa naitalang kaso ng naturang sakit ngayong taon, may walo na ring bilang ng nasawi. (PIO Calapan)



## TAMA SPORTS CLINIC, MUSIC AND ARTS WORKSHOP – TALENT SHOWCASE & GRADUATION CEREMONY 2024



Si City Mayor Malou Flores-Morillo ay nagbigay ng inspirasyon sa mga mag-aaral at mga bisita sa kanyang pagdalo sa ginanap na TAMA Sports Clinic Graduation noong ika- 6 ng Hulyo. Ang kaganapang ito ay nagtipon ng mga mag-aaral na nagpamalas ng kanilang mga natutunan sa iba't ibang larangan ng sining at musika. Pinarangalan sa seremonya ang 40 nagtapos sa Ballet, 29 sa Basic Acting, 54 sa Voice Lesson, 20 sa Dancesport, at 20 sa Guitar.
Ang pagtitipong ito ay nagbigay-daan upang maipakita ng mga mag-aaral ang kanilang mga talento at dedikasyon, na nagdulot ng karangalan hindi lamang sa kanila kundi pati na rin sa buong komunidad ng Calapan. Sa kanyang talumpati, pinuri ni Mayor Morillo ang kasipagan at determinasyon ng mga mag-aaral, gayundin ang suporta ng kanilang mga pamilya at guro. Ang seremonya ay nagsilbing inspirasyon sa lahat upang patuloy na pagyamanin ang kanilang mga kakayahan at mag-ambag sa pag-unlad ng sining at kultura sa kanilang lungsod (Jermae D. Tuyor/CIO).








For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

Republic of the Philippines
REGIONAL ALTERNATIVE CHILD CARE OFFICE
MIMAROPA Region
168 Luna Mencia St., San Juan City

Email address: racco4b@nacc.gov.ph
Contact Nos: 0962-642-3652

IN RE: PETITION FOR ADOPTION OF
ZHAVIER CLEO BALBAIRA

DOMESTIC ADMIN
ADOPTION CASE NO: RACCO
MIMAROPA-DAA 2024-0049-
REL-017

MR. CHARLES RANDALL and MRS.
EVANGELINE BALBAIRA SMITH
1 July 2024

x----------------------------------------------------x

ORDER

A verified petition for the adoption of ZHAVIER CLEO BALBAIRA filed by the petitioners through the Regional Alternative Child Care Office (RACCO) praying that after due notice, publication and appearances, a judgment be rendered to the effect that ZHAVIER CLEO BALBAIRA be cleared and that the name of the child be changed particularly to appear as ZHAVIER CLEO BALBAIRA SMITH.

Finding the said Petition to be sufficient in form and substance, let the same be set for Mandatory Appearance on 30 July 2024 to be held at the RACCO MIMAROPA, 4TH Floor Textron Building, 168 Luna Mencias Street, San Juan City. Any interested party may appear and may file and opposition supported by evidence before the National Authority for Child Care (NACC), through the RACCO, where the petition was filed. The complaint will be subjected for verification and further investigation.

Let a copy of this Order be published at the expense of the Petitioner once a week for three (3) successive weeks in a newspaper of general circulation pursuant to Section 31 of R.A. No. 11642 or the Domestic Administrative Adoption and Alternative Child Care Act.

(SGD) CYRENE P. LUBRICO
Regional Alternative Child Care Officer

Copy furnished:

JANELLA EJERCITO ESTRADA
National Authority for Child Care
#2 Ermin Garcia Street Chicago Corner
Barangay Pinagkaisahan, Quezon City Philippines 1103

ELOISA FAJUTNAO
Office of the Municipal Social Welfare and Development
Mansalay, Oriental Mindoro

NERISSA QUINTINIO
Office of the Municipal Registrar
Roxas, Oriental Mindoro

The Tamarao Journal
July 08, 15 & 22, 2024

# BALIK-ESKWELA SA LUNSOD NG CALAPAN
## Pagpapatala sa mga paaralan, umarangkada

Marilou M. Baquiran

BILANG paghahanda sa pagbubukas ng mga paaralan para sa panuruang taong 2024 – 2025, sinimulan ng mga paaralan sa Lungsod ng Calapan ang pagpapatala ng mga mag-aaral, Hulyo 3.

Ayon sa inilabas na DepEd Memorandum No. 032, s. 2024 na naglalaman ng mga panuntunan sa pagpapatala, inaasahan ang lahat ng mga paaralan sa Lungsod ng Calapan na magsagawa ng iba't ibang pamamaraan upang himukin ang mga mag-aaral na muling magbabalik sa mga paaralan.

Ang nasabing pagpapatala ay magaganap mula Hulyo 3 hanggang 26 ng taong kasalukuyan na maaaring gawin sa pamamagitan ng personal na pagpunta sa mga paaralan, paggamit ng remote enrolment tulad ng short message services (SMS), pagpapadala sa email ng paaralan at iba pang katulad na pamamaraan.

Tinatayang aabot sa 32, 271 ang bilang ng mga mag-aaral na muling babalik sa mga pampublikong paaralan sa Schools Division of Calapan City bukod pa ang mga mag-aaral sa mga pribadong paaralan sa lungsod.

Inaasahan ang mga mag-aaaral na magpapatala sa Kindergarten, Grades 1, 7, 11 at mga lilipat ng paaralan na sagutan ang Basic Enrollment Form na nakalagay sa inilabas na DepEd Memorandum kabilang ang mahahalagang dokumento tulad ng PSA birth certificate at Report Card habang ang ibang mga baitang ay sasagutan lamang ang Confirmation Slip na nakapaloob din sa nasabing memorandum.

Nilinaw ng pamunuan ng Kagawaran ng Edukasyon na walang anumang kailangang bayaran ang mga mag-aaral sa pagpapatala sa mga pampublikong paaralan na kailangang mahigpit na sundin ng mga pampublikong paaralan sa lungsod.

Ang Schools Division of Calapan City ay binubuo ng 49 Public Elementary Schools at 10 Public Secondary Schools kabilang ang ilang pribadong paaralan na muling magbubukas sa Hulyo 29.

# DA-PHILMECH & FA MOA SIGNING: 5 UNIT NG FARM MACHINERIES, KALOOB SA CALAPAN





SA presensya ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, matagumpay na binigyang daan noong ika-9 ng Hulyo ang Memorandum of Agreement signing sa pagitan ng Department of Agriculture-PhilMech, at apat na Barangay Farmers Association sa Lungsod ng Calapan na benepisyaryo ng RCEF-Mechanization Component Program, kung saan kabilang dito ang Bayanan I, Malamig, Managpi, at Sta. Rita.

Nakatakdang ibaba sa Lungsod ng Calapan ang mga sumusunod na farm machineries: Bayanan I FA (1-unit 4WD Tractor at Rice combine Harvester), Malamig FA (1-unit Rice Combine Harvester), Managpi FA (1-unit 4WD Tractor), at Sta. Rita FA (1-unit Rice Combine Harvester).

Nakasaad sa pinirmahang MOA ang duties and responsibility ng PhilMech at Farmers Associations, bilang benepisyaryo, gayundin ang iba pang mga mahahalagang kasunduan, kaugnay sa mga ipagkakaloob na makinarya sa pagsasaka.

Naisakatuparan ang nasabing aktibidad, dahil sa pakikipag-ugnayan sa DA-PhilMech ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pamamagitan ng City Agricultural Services Department na pinamumunuan ni Mayor Malou Morillo, katuwang si CASD Focal Person, Engr. Jasper B. Adriatico.

Samantala, naging bahagi rin ng gawain ang mga kinatawan ng nasabing ahensya na sina Engr. Jhon Mark Licot at Engr. Jean Marie Alido.

Lubos na nagpapasalamat sa pamahalaan at ahensya ang mga samahang nabiyayaan ng mga nasabing kagamitan na makapagbibigay sa kanila ng kaalwanan, tungo sa pagiging produktibo (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).





# THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 37 Jul. 22, 2024 - Jul. 28, 2024



MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013


# 50TH NUTRITION MONTH CELEBRATION 2024



KAPILING si City Mayor Marilou Flores-Morillo, at City Nutrition Action Officer, Glenda M. Raquepo, RN, sama-sama at masayang ipinagdiwang ng Cluster 5 na binubuo ng sampung (10) barangay sa Calapan ang *"50th Nutrition Month Celebration 2024"* sa Barangay Personas, Covered Court, noong ika-12 ng Hulyo.

Sa temang *"Sa PPAN Sama-sama sa nutrition Sapat para sa Lahat"*, matagumpay na naidaos ngayong taon ang Buwan ng Nutrisyon na naglalayong sama-samang iangat at bigyang pansin ang nutrisyon, bata ka man o matanda.

Dito ay iba't ibang aktibidad ang naisakatuparan katulad ng Feeding Activity, Slogan Making Contest, Makatang Pang Nutrisyon, Handog ni *"Lolo at Lola"* para sa Nutrisyon 60 and above, at iba pa. Nakiisa rin sa nasabing aktibidad sina Dr. Ma. Teresita Nieva-Bolor, MD (Calapan City Population Development Officer-Designate), Chief of Staff, Mr. Joseph Umali, at iba pang mga opisyal, konsehal ng lungsod, gayundin ang mga Punong-Barangay at kinatawan mula sa Balingayan, Baruyan, Canubing I, Canubing II, Comunal, Malamig, Patas, Personas, Sta. Rita, at Tawagan.

Bahagi ng pagsasakatuparan sa nasabing aktibidad ang Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pamamagitan ng City Health and Sanitation Department – Nutrition Section, katuwang ang mga Barangay Nutrition Scholar (BNS), at Barangay Health Workers (BHW) (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).



